Lifelong Learning Center sa lungsod ng Toyohashi　　22 Pasilidad

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Futagawa | Higashigonai 111-1 Oiwa-cho<br>TEL 41－0551 | | 12 | Takatoyo | Ikobe-cho Taganden 302<br>TEL 21－2824 |
| 2 | Toyooka | 4 Chome-2-9 Nishi Iwata<br>TEL 61－5632 | | 13 | Hokubu | Nakakawara 48-5 Omura-cho<br>TEL 53－4212 |
| 3 | Toyo | 1Chome-6-1 Tame Nakamachi<br>TEL 61－7741 | | 14 | Nanbu | 95-1 Kitayama-cho<br>TEL 47－0974 |
| 4 | Nanryo | Hikosaka 10－7 Ooshimizu-cho<br>TEL 26－0010 | | 15 | Hojo | Imahashi-cho１６<br>TEL 53－3304 |
| 5 | Seiryo | 2 Chome 4-1 Minami Ushikawa<br>TEL 61－9285 | | 16 | Chubu | Higashi Matsuyama-cho 23<br>TEL 53－0638 |
| 6 | Sugiyama | Sugiyama-cho, Konin-11<br>TEL 23－2216 | | 17 | Takashidai | Hamaike-332-2 Nishimiyuki-cho<br>TEL 48－1321 |
| 7 | Ishimaki | Ishimaki Honmachi, Ichiba-110<br>TEL 88－1317 | | 18 | Tobu | Iwaya-cho, Iwayashita 66-1<br>TEL 63－3810 |
| 8 | Hanei | Hanei Honmachi-131<br>TEL 32－5050 | | 19 | Tobu Imure | 4 chome-6-3 Imure Minami<br>TEL 64－5261 |
| 9 | Yoshidagata | Takasu 122-7 Takasu-cho<br>TEL 32－3978 | | 20 | Nanyo | Tairahigashi-89 Kusama-cho<br>TEL 48－6576 |
| 10 | Inami | Kamiootsuke 98-9 Hosoya-cho<br>TEL 21－2729 | | 21 | Hongo | 50-7 Sakura Hamamichi-cho<br>TEL 46－8487 |
| 11 | Muro | 2 Chome-8-23 Higashiwaki<br>TEL 32－4615 | | 22 | Toryo | 32-31 Norikoji, Ushikawa-cho<br>TEL 64－8088 |




Oras ng pagbubukas　9:00am～9:00pm
Sarado：Tuwing Lunes, New Year holiday
simula 12/29 hanggang 1/3





# Toyohashi City Lifelong Learning Center (dating Chiku Shiminkan)

**Simula Abril 1 2024**



## Maaari na ring gamitin para sa For-profit na aktibidad

**Hindi pinahihintulutan ang pagbebenta ng mga kalakal, pagpapakilala ng produkto, exhibitions, pag-order, pagpapatikim, demonstrasyon, aktibidad na may kaugnayan sa kontrata, atbp.**

### 《 For-profit na aktibidad 》

Upang mapalawak ang saklaw ng paggamit ng pasilidad at dahil sa pagbabawas ng mga paghihigpit, ang ilang For-profit na aktibidad na dati ay ipinagbabawal ay maaari ng makagamit.

### Mga For-profit na aktibidad ang maaaring gamitin…

**Mga aktibidad na nag-aambag sa lifelong learning ng mga mamamayan ng mga organisasyong For-profit, kumpanya, indibiwal na negosyo, atbp.**

Pagdaraos ng iba't ibang class na may kaugnayan sa lifelong learning

Halimbawa：Dance, fitness, cooking, musical instrument, calligraphy, painting, foreign language, private tutoring class

| | |
|---|---|
| Tatanggapin ang reserbasyon 1 **buwan bago** ang araw ng paggamit<br>※Kung ang ika-1 ng buwan ay saradong araw, sa susunod na araw magpareserba. | Ang bayad sa paggamit ay magiging **3x ng karaniwang bayad**<br>Ang aplikasyon para sa paggamit sa Abril 2024 ay tatanggapin mula sa Marso 1, 2024 (Huwebes) |

**Paalala**　**Hindi maaaring gamitin para sa direktang For-profit na aktibidad（pagbebenta ng mga kalakal, pagpapakilala ng mga produkto, exhibition, pag-order, pagpapatikim, demonstrasyon, aktibidad na may kaugnayan sa kontrata, atbp.）**

**Mga Non-profit na grupo at organisasyon tulad ng mga voluntary group at residents' association･･･**

| | |
|---|---|
| Tatanggapin ang reserbasyon **2 buwan** bago ang araw ng paggamit<br>※Kung ang ika-1 ng buwan ay saradong araw, sa susunod na araw magpareserba. | Ang bayad sa paggamit ay **karaniwang halaga**<br>Ang aplikasyon para sa paggamit sa Abril 2024 ay tatanggapin mula sa Pebrero 1, 2024 (Huwebes) |

Toyohashi City Board of Education, Lifelong Learning Division
☎0532-51-2850 〒440-8501　Aichi-ken Toyohashi-shi Imahashi-cho 1 Banchi Toyohashi City Hall East Bldg. 11th floor.

## Maaaring mag-apply ang mga instructor ng lahat ng uri ng class at ang mga namumuno sa mga kurso

Halimbawa, ang mga instructor at namumuno sa iba't ibang class tulad ng dance class, calligraphy class, cooking class, private tutoring class, foreign language class, atbp., ay maaari na ngayong mag-apply para gamitin ang isang silid bilang venue.

Bilang karagdagan, naging posible na ang pagbenta ng mga tiket at magdaos ng konsiyerto na umaakit ng hindi matukoy na bilang ng mga manonood, na noon ay itinuturing na imposible.

## Magkakaiba ang mga halaga na dapat bayaran sa pagitan ng mga aktibidad na For-profit at Non-profit

May mga pagkakaiba sa pagitan ng mga aktibidad ng boluntaryong grupo (mga non-profit na aktibidad) at mga for-profit na aktibidad. May pagkakaiba sa petsa ng pagsisimula para sa pagtanggap ng aplikasyon para sa paggamit ng kuwarto at ang bayarin para sa paggamit.

<table>
<tr><th></th><th>Non-profit na mga aktibidad</th><th>For-profit na mga aktibidad</th></tr>
<tr><td rowspan="2">Petsa ng pagtanggap ng aplikasyon para sa paggamit</td><td>Unang araw, 2 buwan bago ang petsa ng paggamit</td><td>Unang araw, 1 buwan bago ang petsa ng paggamit</td></tr>
<tr><td colspan="2">※Kung ang unang araw ng buwan ay saradong araw, sa kasunod na araw na may trabaho</td></tr>
<tr><td>Bayad sa paggamit</td><td>Karaniwang presyo</td><td>3x ng karaniwang presyo</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Halimbawa</td><td colspan="2">Araw ng paggamit：12/25</td></tr>
<tr><td>Petsa ng pagtanggap：10/1</td><td>Petsa ng pagtanggap：11/1</td></tr>
<tr><td>Bayad sa pagrenta para sa isang partikular na silid：1,190 yen</td><td>Bayad para sa pagrenta sa kaparehong silid na nasa kaliwa：3,570 yen</td></tr>
</table>

## Pagdesisyon kung For-profit o Non-profit

- Kung nais mong gumamit ng kwarto sa Lifelong Learning Center, mangyaring magsumite ng "Checksheet/Consent form" kasama ng "Usage Application Form" sa Lifelong Learning Center counter upang makagawa ng desisyon.
- Kung nag-aapply ka para sa paggamit na pareho ang layunin at nilalaman, mangyaring magsumite ng "Checksheet/Consent Form" sa unang aplikasyon lamang.
- Ang "Application Form at "Checksheet/Consent Form" ay makukuha sa Lifelong Learning Center counter.
- Maaari kaming magsagawa ng interview tungkol sa nakasaad na nilalaman sa application form sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap ang aplikasyon sa counter (Standard Processing Period).



## Lifelong Learning Center Check sheet ng paggamit at Consent form

Ang bayad sa paggamit ay nag-iiba depende sa taong gumagamit at paraan ng paggamit. Ang bayad sa paggamit ay matutukoy batay sa check sheet na ito, kaya mangyaring punan ito at isumite sa counter. ※Hindi maaaring gamitin para sa mga partidong pampulitika, mga aktibidad ng grupong pampulitika, at mga aktibidad sa relihiyon.

Kung lalagyan mo ng tsek ang「**Oo」para sa alinman sa mga sumusunod na item, ilalapat ang「For-profit」na paggamit.**

<table>
<tr><th>No.</th><th>Item</th><th colspan="3">Check</th></tr>
<tr><td>1</td><td>Gagamitin ng instructor o kumpanya bilang aplikante.<br>※Hindi kasama ang paggamit para sa employee training session, company briefing session, recruitment interviews at business briefing session na ginanap alinsunod sa mga batas at regulasyon.</td><td>☐Oo→For-profit na paggamit</td><td rowspan="3">Lagyan ng check ang「Oo」sa column A ng form ng aplikasyon sa paggamit</td><td>☐Hindi</td></tr>
<tr><td>2</td><td>Gagamitin sa pamamagitan ng pangangalap ng hindi matukoy na bilang ng mga kalahok. (Class, concert, event, atbp.)<br>※Hindi kasama ang pangangalap ng mga bagong miyembro ng grupo para sa mga independent group activities.</td><td>☐Oo→For-profit na paggamit</td><td>☐Hindi</td></tr>
<tr><td>3</td><td>Gagamitin na may kaugnayan sa commercial business.<br>(Mga briefing at advertisement sa negosyo, atbp.)</td><td>☐Oo→For-profit na paggamit</td><td>☐Hindi</td></tr>
<tr><td>4</td><td>Pagkolekta at paggamit ng pera (kabilang ang membership fee・reward) mula sa mga tao maliban sa mga miyembro ng grupo.</td><td>☐Oo→For-profit na paggamit</td><td rowspan="2">Lagyan ng check ang「Oo」sa column B ng form ng aplikasyon sa paggamit</td><td>☐Hindi</td></tr>
<tr><td>5</td><td>Ang taong namamahala sa accounting (pagkolekta, pagbabayad, atbp.) ay ang lecturer/instructor.</td><td>☐Oo→For-profit na paggamit</td><td>☐Hindi</td></tr>
</table>

## Siguraduhing basahin ang mga tala na nasa ibaba

umasang-ayon ako sa mga sumusunod na pag-iingat at mag-aapply para sa paggamit ng Lifelong Learning Center

### Mga Dapat Pag-ingatan

- Ang aprobasyon para sa paggamit ng Lifelong Learning Center ay maaaring kanselahin kung ito ay magiging **Lugar ng pagboto sa isang halalan, isang evacuation center kung sakaling magkaroon ng sakuna, o kung ang regulasyon ay ipinatupad upang maiwasan ang mga nakakahawang sakit,** atbp. Ang Lifelong Learning Center ay hindi mananagot sa anumang pinsalang matatamo ng gagamit dahil sa pagkansela ng aprobasyon.
- Pagkatapos magsumite ng aplikasyon, ang panahon ng pagproseso para sa pag-apruba ay 5 araw.
- Bilang pangkalahatang tuntunin, ang aplikasyon para sa bawat silid ay isusumite depende sa pagkakasunud-sunod, ang mga duplicate na aplikasyon ay maaaring mabunot sa lottery sa unang araw lamang ng pagtanggap ng mga reserbasyon. (※Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat center para sa mga detalye)
- Kung mayroon kang anumang mga pagdududa tungkol sa nilalaman ng iyong aplikasyon o ang layunin ng paggamit, maaaring makipag-ugnayan kami sa iyo.
- Kung may kasinungalingan sa layunin ng paggamit, atbp., ang aprobasyon para sa paggamit ay maaaring kanselahin.
- Bilang pangkalahatang tuntunin, hindi maibabalik ang binayad para sa renta kung kinansela ang paggamit dahil sa personal na dahilan.
- Kung ikakansela mo ang iyong reserbasyon 5 araw o higit pa bago ang itinakdang petsa ng paggamit, ang buong bayad sa paggamit ay sisilingin.
- **Hindi pinahihintulutan ang pagbebenta ng mga kalakal, pagpapakilala ng produkto, exhibitions, pag-order, pagpapatikim, demonstrasyon, aktibidad na may kaugnayan sa kontrata, atbp.**
- Ang mga gawaing pangrelihiyon tulad ng mga religious civic activities, prayers, worship services, at funerals ay hindi pinapayagan.
- Mangyaring linisin ang silid pagkatapos gamitin at siguraduhing dalhin pauwi ang mga basura.
- Kung may nasirang kagamitan, atbp., maaaring kailanganin mong bayaran ang pinsala. Tiyakin na abisuhan ang tauhan na nasa pasilidad.
- Kasama sa oras ng paggamit ang paghahanda, paglilinis, atbp.
- Mangyaring gamitin ang pasilidad alinsunod sa mga tagubilin ng kawani ng center at ng lungsod ng Toyohashi.

Reiwa　　Y　　M　　D

Pangalan ng organisasyon・tao na gagamit:

Pangalan ng representative:　　　　Tel(　　－　　－　　)

Pangalan ng lecturer (instructor):　　　　Tel(　　－　　－　　)